Chapter One

"Oh, come on! Where's your Christmas spirit?" parang tangang tanong ni Veronica Garcia sa stereo ng kotse habang madiing tinutuktok ito. Ang naging tugon lang nito ay ang lalong paggaralgal ng tunog hanggang sa tuluyan na itong mamatay. Simula kasi nang malublob sa matinding baha dala ng Bagyong Ondoy ang sasakyan niya ay kung anu-ano na ang nagloloko rito.

Isang oras na rin siyang nasa loob ng kotseng naka-double park habang hinihintay ang kanyang mommy na lumabas mula sa supermarket.

Kaysa sirain ang mood niya ay minabuti niyang isaksak na lang ang earphones at mula sa cellphone

ay aliwin ang sarili sa pakikinig ng Christmas songs habang nagbabasa ng comic strip sa diyaryo.

"...The weather outside is frightful, but the fire is so delightful..." Damang-dama niya ang papalapit nang Pasko, kaya naman walang kiyeme siyang sumabay sa kantang *Let It Snow* kahit pa nakababa ang bintana ng sasakyan.

"Ay, 'tangna mo!" tila hindi babaeng sigaw ni Veronica mayamaya nang may bahagyang tumapik sa kanyang balikat. Napaatras tuloy ang pobreng binata na halatang nagulat sa sinabi niya.

Kung titingnan kasi ang mahaba at makintab na buhok niyang nakalugay, makakapal na pilik na nakapalibot sa napakagandang mga mata, matangos na ilong, at mamula-mulang mga labi na hugis-puso, hindi iisipin ng sinuman na kaya niyang magmura—at pagkalutong-lutong pa!

Kung totoo lang si Santa Claus ay nangangako siyang hindi na siya magiging naughty basta pagbigyan nito ang Christmas wish niya—ang lumubog na siya at hindi na muling lumitaw sa kinauupuan niya. Naramdaman niyang tila poinsettia na ang kulay ng kanyang mukha sa pagkapahiya. Sino ba naman ang hindi mapapahiya? Una, nahuli siyang feel na feel ang pagkanta; pangalawa, tila tambay sa kanto ang

lutong ng pagkakamura niya, at may 'mo' pa talaga. At higit sa lahat, pagkaguwapo-guwapo ng binata. Kahit na namilog ang mga mata nito sa pagkagulat at nagsalubong ang mga kilay, hindi nabawasan ang appeal nito.

Nawala na lang ang pagkapahiya ni Veronica at napalitan iyon ng pagkaaliw nang pinaluwang ng kaharap ang butas ng matangos na ilong kasabay ng sunod-sunod na pag-iling.

"Hindi! You're lying! Miss, bawiin mo ang sinabi mo! Ang s'abi ng mommy ko, caterer siya; hindi niya magagawang lokohin kami tungkol sa tunay na trabaho niya!" Sa paningin niya ay lalo pang naging kaakit-akit ang lalaki ngayong kumikislap sa kapilyuhan ang mga mata nito.

Pagkatapos isara ng dalaga ang bibig niyang napanganga dahil sa gulat sa ginawa nito, namuo naman ang ngiti niya roon.

"Sorry, wala akong intensyong baliktarin ang mundo mo. Nakakagulat ka kaya, sobra!"

Ngayong nginitian naman siya nito, pakiramdam niya ay para siyang pretzel na nagka-twist-twist sa kilig.

Iyon ay bago pa lang nito sabihing, "Pero pinabaliktad mo nga ang mundo ko. I'm so attracted to

you that I don't know which way is up or down."

Hindi mawari ni Veronica kung kikiligin ba siya o matatawa sa sinabi nito. Dahil siya man ay attracted sa kausap, nanaig ang una. *May namatay na kaya sa sobrang kilig?* naitanong niya tuloy sa sarili. Matagal siyang tumunghay sa binata bago kumurap-kurap at napailing.

"Ah, aalis ka na ba?" nakuha niyang itanong matapos bumalik sa katinuan ang kanyang isip.

"Ayaw mo?" tanong nito na halata ang panunukso sa tinig. "Gustuhin ko mang mag-stay dito at pakinggan kang kumanta ng Christmas songs, hindi puwede. Napakahaba ng pila sa grocery, kaya kanina pa tawag nang tawag si Mommy. Kailangang-kailangan na raw niya itong mga pinabili niya."

Natawa na lang tuloy si Veronica. "'Kainis 'to! Nag-sorry na nga ako, eh, puwede tigilan mo na ang panunukso?"

Nag-isip pa muna kunwari ang kausap bago huminga nang malalim at tumango. "Sige na nga, sa isang kondisyon." Muling ipinakita sa kanya ang ngiti nito na katulad ng sa mga guwapong binata na karaniwang nakikita sa mga billboards kasama ng tatak na *Close Up*, dahilan para maramdaman ng dalaga na tila inilipat na sa dibdib niya ang *Santa Ana*

Racetrack sa lakas ng kabog niyon.

"You have to give me your number."

Tumatawang tumango siya. *Gusto mo pati address sa bahay ay ibibigay ko sa 'yo,* pilyang dugtong ng isip niya.

Nang isauli niya rito ang cellphone nito matapos ilagay ang numero at pangalan niya, ganoon na lang ang pagpipigil niyang kunin ang numero nito.

Take it easy… kaunting pakipot naman diyan, babala ng isip niya.

"Veronica Garcia…" sambit nito sa pangalan niya.

What was wrong with her, anyway? Pati pagkakasabi ng lalaki sa pangalan niya ay nagdadala ng kakaibang kilig sa kanya.

Alam niyang hinihintay nito na hingin niya ang cellphone nito. Nang tumaas ang dalawang kilay nito na tila hinihintay siyang magsalita, ginulat ni Veronica ang sarili sa lumabas sa bibig niya.

"Hindi ko na kailangang malaman ang number mo, kasi sigurado akong tatawag ka sa akin before this day ends," mayabang na sabi niya bago ito ngitian nang pagkatamis-tamis.

Chos! Ang haba ng hair!

Ang lakas ng tawa nito, iiling-iling na inilapat nito ang mga braso sa bintanang bukas. Halos kalimutan na

ni Veronica ang pagpapakipot dahil sa liit ng distansya sa pagitan nila.

Nasamyo niya ang preskong amoy ng kausap, gusto niya tuloy iburo ang mukha sa leeg nito. Naglakbay pababa ang tingin niya sa malalapad na balikat nito na halos sakupin na ang buong frame ng bintana. Sa pagkakabanat ng manggas ng kamiseta nito, na-visualize na niya kung gaano ka-defined ang muscles sa mga braso nito. Nanatili sa mahahabang daliri nito ang kanyang diwa, malinaw niyang nakikitang magkalingkis ang kanilang mga daliri habang naglalakad sa beach. Ang background ay ang walang kamatayan at kakupas-kupas na sunset o sunrise.

"Perceptive! And a pretty face to go along with it, too," putol nito sa pantasya niya.

Ano ba ang mayroon sa binatang ito at nakukuha niyang kumilos at bitiwan ang mga salitang pinagsasasabi niya mula nang makausap ito? Kung nakikita lang ng kanyang ama at ina kung paano siya makipag-flirt sa estrangherong ito, natitiyak niyang hindi na siya makakalabas ng bahay.

Tinitigan nito ang sariling cellphone na may bakas ng panghihinayang sa mukha bago muling ibinalik ang tingin sa kanya. She could feel her insides

melt knowing he was having an internal battle, torn between being satisfied with having her number and hanging around longer to continue talking to her in person.

"Could you… wait for me here? Iuuwi ko lang ang mga ito and then I'll come back here as soon as I could," mayamaya ay sabi nito.

Sa pagkakatingin sa kanya ng lalaki, kahit sabihin nitong maghintay siya roon nang isang buong araw ay gagawin niya. No one had ever looked at her like that before. Sure, maraming nanliligaw sa kanya, pero ni isa man ay walang nagparamdam kay Veronica na tila gusto nitong masilip ang puso at kaluluwa niya.

"I can't," sabi niya na hindi sinubukang ikubli ang sariling panghihinayang sa tinig. "Kailangan ako ni Mommy sa paghahanda ng food para sa noche buena later. Nasa bahay kasi ang tita at mga pinsan ko. Ngayon lang sila nagbakasyon dito after fifteen years. Babalik na sila next week sa Canada," pagkahaba-habang paliwanag niya. Gusto niyang makasiguro na hindi iisipin nito na ayaw lang niya itong hintayin.

Tumuwid na ng tayo ang lalaki. Nakaramdam ng panghihinayang si Veronica dahil aalis na ito talaga."That's just too bad… hindi iyong pagbabakasyon ng mga cousin mo," he clarified,

making her giggle like a teenager. Excused naman siguro siya. She just turned twenty a month ago.

"I'm dying to get to know you and I'm scared that if I leave, I won't see you again."

Nakalimot sa sarili, napasipol siya. "Wow! Isa lang ang masasabi ko, you sure know what to say to make a girl feel special."

Veronica caught her breath when he bent and stared deeply into her eyes. "Because you are. I'm sure of that, dahil kung hindi, my heart wouldn't be beating this fast just by looking into your eyes."

She ought to be ashamed of herself, she was too busy coming up with flirtatious lines that she even forgot to ask him his name.

Pasakay na dapat ang lalaki sa kotse nito nang nanatili sa handle ng sasakyan ang kamay nito. "You know what's breaking my heart right now?" tanong nito bago muling naglakad pabalik sa sasakyan niya.

Noon niya napagpasyahang umibis ng sasakyan. "What?" balik ni Veronica nang magpang-abot sila. *Wow, he's tall!* Malaki pa rin ang agwat ng taas nila kahit hindi siya kaliitan.

"You didn't even ask me my name."

Nalaglag yata ang puso niya. "Sige, I'll make it up to you." Inilahad niya ang kamay. "It's a pleasure to

meet you…" She meant every word.

"Joshua… Joshua Verdeflor," dugtong nito sa sinabi niya. Kinuha nito ang kamay niya at nagkaroon siya ng impulse na i-check ang repleksyon sa salamin. Sigurado kasi siyang nakatayo na ang lahat ng hibla ng buhok niya sa lakas at bilis ng kuryenteng dumaloy sa kanya. Iyon ay bago pa halikan nito ang likod ng kamay niya. "Believe me, the pleasure is all mine."

May ngiti pa rin sa mga labi ni Veronica nang matapos niyang mai-park nang maayos ang kotse.

Joshua Verdeflor… she sighed dreamily.

"Anak, kung gusto mong buksan ang trunk habang nakangiti ka diyan, hindi ko mamasamain," pukaw ng mommy niya, si Mrs. Evelyn Garcia, na may bitbit na ilang bags ng groceries.

Nagmadali siyang umibis ng sasakyan at tinulungan ang ginang na ilagay ang mga pinamili sa trunk ng sasakyan. "Sorry, 'My, kasi hindi kita napansin, eh."

"Ito ba namang laki kong ito, hindi mo ako napansin?" Sa taas na 5'7" ay halatang isa ito sa pinagmanahan ni Veronica ng pagiging matangkad. "Bakit ba kasi tila may sarili kang mundo habang ngingiti-ngiti kang mag-isa?"

Palibhasa nag-iisang anak, malapit na malapit siya sa ina, hindi niya nakagawiang maglihim dito. Ikinuwento niya rito ang buong pangyayari bago siya nito datnang ngingiti-ngiting mag-isa.

"Ibinigay mo naman! Naku! Ikaw, kikay ka talaga. Eh, pa'no kung rapist 'yun? O kaya masamang tao?"

Nakabusangot ang mukhang nilingon niya ang ina. "'My naman, eh! 'Yung guwapong iyon, hindi kailangang mang-rape!"

"Gusto ko pang mag-Pasko, Veronica. Ibalik mo ang mga mata mo sa daan!" sita nito sa kanya.

Kinikilig na napabuntong-hininga ang dalaga nang manariwa sa isip ang anyo ni Joshua. "Ang guwapo niya! Mukha siyang mabait at ang sweet-sweet. And those biceps… Hindi siya itsurang katatakutan, Mommy! He seems like the kind of guy who would lay down his life for a girl. Isa pa, number lang naman ang ibinigay ko, eh."

"Eh, ano kung guwapo? Hindi ibig sabihin noon matino!" Hindi pinansin ng ginang ang pag-ingos niya. "Eh, saan ba naman nagsisimula iyan kundi diyan sa text-text na iyan pagkatapos makikipagkita na! Lagot ka sa daddy mo!"

Pinagsisihan ni Veronica ang pagiging open sa ina nang mga sandaling iyon dahil hanggang makarating

sa bahay ay panay ang sermon nito sa kanya. At kung hindi siya nagkakamali ng hinala, there's more to come; hindi padadaig ang daddy niya. Her parents could be very overprotective sometimes.

As it turned out, nagsayang lang pala ng laway ang mga magulang dahil walang dapat ikatakot ang mga ito. Dalawang linggo na ang lumipas ay hindi pa nagpaparamdam sa kanya ang binata. Hindi niya alam kung manghihinayang siya o maiinis dahil pakiwari niya, kung nabigyan siya ng pagkakataong makilala pa at makasama si Joshua ay ito ang tipo ng taong magugustuhan niya. Not that she didn't like him already. Kahit na tila sanay na sanay itong mambola, pakiramdam niy Veronica ay sinsero ito sa ipinakitang interes sa kanya.

So, bakit nga hindi siya tinawagan nito? That's what you get for being cocky, hindi lang ilang beses na sinabi sa kanya ng praktikal na bahagi ng utak niya. Kung kinuha na lang sana niya ang number ng lalaki, nalaman din sana niya ang sagot. Pinagkasya na lang niya ang nasaling niyang pride at puso sa paniniwalang may mahalagang dahilan si Joshua kung bakit hindi na siya nito natawagan.